OFFICE OF THE GOVERNOR

**FOR IMMEDIATE RELEASE**
Saturday, February 29, 2020

**CONTACT**
Cristobal.martinez@illinois.gov
kjunius@cookcountyhhs.org

# Mga Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng State ng Illinois, Nag-anunsiyo ng Panibagong Pinaniniwalaang Positibong Kaso ng COVID-19 sa Illinois

*Kukumpirmahin ng CDC ang pinaniniwalaang positibong test ng pasyente.*

**CHICAGO** – Ipinababatid ngayong araw ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois (IDPH) at Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Cook County (CCDPH) na may isang pasyente mula sa Illinois ang nagkaroon ng resultang positibo sa COVID-19. Ang nagresulta sa mga ipinagpapalagay na positibo sa COVID-19 ay ang mga isinagawang test sa Illinos. Kailangan pang kumpirmahin ng laboratoryo ng Mga Sentro ng Pagkontrol ng mga Sakit (CDC) ng US ang positibong mga resulta ng test. Nakabukod (in isolation) na ginagamot ang pasyente at ipinapatupad ang mga protokol ng CDC.

Kumikilos ang mga public health official upang tukuyin at masugid na subaybayan ang mga indibidwal na nagkaroon ng kontak sa pasyente sa pagsisikap na bawasan ang panganib ng karagdagang pagkalat nito. Hihilingin ng estado ng Illinois sa CDC na magpadala ng team sa Illinois para suportahan ang mga pagsisikap na ito.

Hiniling na ni Gobernador JB Pritzker sa mga ospital sa buong estado na magsagawa ng karagdagang testing para pagbutihin ang pagbabantay (*surveillance*) sa COVID-19. Ang Illinois ang unang estado na nakapagbigay ng COVID-19 testing at nag-anunsiyo si Gob. Pritzker ng dalawa pang lab ng IDPH sa gitna at timog Illinois na may kakayahang mag-test ng mga sampol (specimen) sa susunod na linggo.

Nagkaroon na ng dalawang kumpirmadong kaso ng COVID-19 ang Illinois at ganap na gumaling ang dalawang pasyente.

Kabilang sa mga sintomas na naiulat sa mga pasyente ay ang katamtaman hanggang malalang sakit sa baga na may lagnat, ubo, at kahirapan sa paghinga. Sa ngayon, dahil hindi pa masasabing malawak na kumakalat ang virus sa US, nananatiling mababa ang panganib sa pangkalahatang publiko. Hinihikayat ng mga opisyal ng pampublikong kalusugan ang publiko na huwag baguhin ang kanilang mga pang-araw-araw na kalakaran at manatiling mapagmatyag sa pagkalat ng mga mikrobyo (germs), sa pamamagitan ng pagtakip sa ubo at bahin, paghugas ng mga kamay sa maligamgam na tubig at sabon, at pananatili sa bahay kung may karamdaman.

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang:
• Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois:
Tawagan ang COVID-19 Hotline sa 1-800-889-3931, mag-email sa DPH.SICK@ILLINOIS.GOV, o Bisitahin ang http://www.dph.illinois.gov/topics-services/diseases-and-conditions/diseases-a-z-

list/coronavirus

• Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Cook County:
Tumawag sa 708-633-4000 o Bisitahin ang https://www.cookcountypublichealth.org/communicable-diseases/novel-coronavirus

###